

## PEP

Kilala rin bilang post exposure prophylaxis

Ang post exposure prophylaxis (PEP) ay isang gamot sa HIV na iniinom sa loob ng 72 oras ng posibleng pagkalantad sa impeksyon na HIV at iniinom sa loob ng 28 araw.

### MGA MABILISANG KAALAMAN

- Sa karamihan ng mga kaso, mapipigilan ng PEP ang HIV mula sa pagtataguyod ng sarili sa katawan at mapipigilan kang maging positibo sa HIV.
- Ang PEP ay maaaring isang tableta na iniinom araw-araw o kombinasyon ng dalawa o tatlong tableta na iniinom araw-araw
- Kailangan mong uminom ng gamot araw-araw sa loob ng 28 araw para gumana ang PEP

### Ano ito? (What is this?)

Sa karamihan ng mga kaso, mapipigilan ng PEP ang HIV mula sa pagtataguyod ng sarili sa katawan at mapipigilan kang maging positibo sa HIV, ngunit tanging kung ang gamutan na PEP ay:

- nagsimula sa loob ng 72 oras ng pagkakalantad sa HIV
- wastong ininom sa loob ng 28 araw na panahon ng gamutan

Ang PEP ay maaaring isang tableta na iniinom araw-araw o kombinasyon ng dalawa o tatlong tableta na iniinom araw-araw.

Hindi isang morning-after pill ang PEP na ginagawang madali at ligtas na makipagtalik nang hindi gumagamit ng condom. Kailangan mong uminom ng gamot araw-araw sa loob ng 28 araw para gumana ang PEP. Maaaring magdulot ng mga side effect ang gamutan, tulad ng pagkahilo at pananakit ng ulo.



Alamin pa ang tungkol sa PEP sa **Thorne Harbour** ([thorneharbour.org](http://thorneharbour.org))

### Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Mayroong PEP sa Kagawaran sa Emerhensiya ng karamihan sa mga pampublikong ospital, mga klinika para sa sekswal na kalusugan at ilang iba pang pangkalahatang klinika na may pagtuon sa sekswal na kalusugan.

Kung nagkaroon ng pagkakalantad 'pagkatapos ng oras ng negosyo', madalas na ang mga Kagawaran sa Emerhensiya ang pinakamainam na lugar para puntahan para matiyak na masimulan mo ang PEP sa lalong madaling panahon.

 Alamin kung saan ka makakakuha ng PEP sa **GETPEP** ([getpep.info](http://getpep.info))

Tumawag sa **PEP Phonenumber** sa 1800 889 887 para sa higit pang impormasyon.

### Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** ([staystifree.org.au](http://staystifree.org.au))

#### PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.